# STABLE & SURE

## Ang Tinaguriang Batong Pundasyon

WEEK 1

### WARM-UP

- Mayroon ka bang gustong-gustong pagkain na parang ayaw naman ng iba? Magkuwento tungkol dito.
- Ano ang isang bagay sa bahay mo na hindi mo pinapansin noong bata ka, pero ngayong matanda ka na, hindi ka mabubuhay kung wala ito?
- Mayroon bang tao sa buhay mo na hindi mo nagustuhan dati pero ngayon ay malapit na sa puso mo? Maaari ka bang magkwento tungkol sa ugnayan ninyo ngayon?

### WORD

*10"Hindi n'yo ba nabasa ang talatang ito sa Kasulatan? 'Ang batong tinanggihan ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong pundasyon. 11Gawa ito ng Panginoon at kahanga-hanga ito sa atin!'"* **MARCOS 12:10–11**

Ayon sa nakagawian, kapag may mga itinatayong bagong istraktura, laging mayroong batong pundasyon. Isa itong mahalagang bahagi sa pundasyon ng isang gusali, at kung wala ito, ang istraktura ay hindi magiging matatag. Tulad nito, kung ang ating mga buhay ay walang wasto at matatag na batong pundasyon, maaari itong gumuho kapag dumating na ang mga pagsubok. Sa araw na ito, tingnan natin kung ano ang sinasabi ng Ebanghelyo ayon sa aklat ni Marcos tungkol sa batong pundasyon.

## 1 Si Jesus ang tinaguriang batong pundasyon.

*“Hindi n’yo ba nabasa ang talatang ito sa Kasulatan? ‘Ang batong tinanggihan ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong pundasyon.’”* **MARCOS 12:10**

Sa pakikihalubilo ni Jesus sa mga Pariseo, tinanong Siya tungkol sa kung sino ang nagbigay sa Kanya ng awtoridad na magturo at gumawa ng mga himala. Bilang tugon, nagbigay Siya ng talinghaga tungkol sa mga nangungupahan at sinabi Niya ang isa sa mga propesiya sa Mga Salmo (Salmo 118:21–22; Marcos 12:1–11). Samakatuwid, ipinakita ni Jesus sa mga tao na siya ang Anak ng Diyos na ipinadala sa kanila, ang batong pundasyon na gagamitin ng Diyos para sa kaligtasan ng lahat ng tao. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pahayag na ito para sa mga tao noong panahong iyon? Paano nito binago o pinatatag kung paano mo nakikita ang Diyos at ang Panginoong Jesu-Cristo?

## 2 Si Jesus ay tinanggihan ng mga tao.

*“Hindi n’yo ba nabasa ang talatang ito sa Kasulatan? ‘Ang batong tinanggihan ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong pundasyon.’”* **MARCOS 12:10**

Si Jesus ang batong pundasyon, na ang ibig sabihin ay Siya ang pinakamahalaga. Sa kabila nito, Siya pa rin *ang batong tinanggihan ng mga tagapagtayo ng bahay*. Sa kabuuan ng buhay ni Jesus, paulit-ulit itong nangyari. Hindi Siya tinanggap sa Nazaret, ang sarili Niyang bayan. Hindi naniwala sa Kanya ang mga tao dito kung kaya't hindi Siya makagawa ng himala sa bayang ito (Marcos 6:1–6). Hindi rin Siya tinanggap sa marami pang bayan kung saan Siya nagturo, at iniwan pa Siya ng ilan sa mga disipulo Niya dahil hindi nila matanggap ang Kanyang mga katuruan (Juan 6:60–66). Sa huli, naranasan ni Jesus ang pagtanggi ng mga tao sa Kanya nang piliin ng madla na ipapako Siya sa krus sa halip na si Barabas (Mateo 27:17, 21–26). Tulad natin, naramdaman ni Jesus kung paano tanggihan ng iba. Nauunawaan Niya ang lahat ng emosyon na kinakaharap natin, kabilang na ang pakiramdam kapag hindi tayo tinatanggap. Magbahagi ng isang pagkakataon na nasaktan ka dahil hindi ka tinanggap. Ngayong alam mo na naranasan at nauunawaan ni

Cristo ang nararamdaman mo dahil Siya rin ay tinanggihan ng tao para sa ating kapakanan, paano nagbago ang pananaw mo sa mga pagtanggi ng tao na naranasan mo?

## 3 Ito ang plano ng Diyos sa simula pa lamang.

*"'Gawa ito ng Panginoon at kahanga-hanga ito sa atin!'"*

**MARCOS 12:11**

Makikita natin sa Kasulatan na ang pagtanggi kay Jesus ay kasama sa plano ng Diyos sa simula pa lamang. Pinahintulutan itong mangyari ng Diyos upang isakatuparan ang dakila Niyang layunin. Ang hindi pagtanggap ng mga tao kay Jesus ang naging dahilan kung bakit Siya ang batong pundasyon na sa huli ay gagamitin ng Diyos para iligtas ang lahat ng mga tao. Ang perpekto Niyang buhay, nakakapangilabot na kamatayan, at matagumpay na muling pagkabuhay ay naging daan upang maibalik sa tamang ugnayan sa Diyos ang mga magtitiwala sa Kanya. Paano nito napapalakas ang loob mo upang harapin ang mga pagsubok na dala ng pangangaral ng ebanghelyo?

## APPLICATION

- Ang kasalanan ng tao ay nagbunga ng pagtanggi ng Diyos at pagkawalay ng tao mula sa Diyos. Ang sakripisyo ni Jesus ang naging solusyon para sa ating kaligtasan at pagpapanumbalik sa Diyos. Totoo ba ito sa buhay mo? Kung hindi pa, nais mo bang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas ngayon?
- Si Jesus ba ang batong pundasyon ng buhay mo? Anong mga bahagi sa buhay mo ang kailangan mong isuko sa Kanyang pamamahala? Magtiwala na ang Diyos ang ating pundasyon at pinagmumulan ng kalakasan.
- Sino sa mga kapamilya at kaibigan mo ang kailangang makarinig tungkol sa kapangyarihang magligtas ni Cristo, ang ating batong pundasyon? Mangakong ipapanalangin mo sila at ipapangaral mo ang ebanghelyo sa kanila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa pagpapadala kay Jesus, ang ating batong pundasyon, para sa ating kaligtasan. Pasalamatan Siya dahil alam Niya at nauunawaan Niya ang nararamdaman natin kapag tayo ay hindi tinatanggap ng iba.
- Hingin sa Diyos na patawarin ka sa mga pagkakataong umasa ka sa sarili mong kapangyarihan sa halip na umasa kay Jesus bilang batong pundasyon ng buhay mo. Ipanalangin na magawa mong manampalataya at sumunod sa Kanyang mga pamamaraan.
- Hingin sa Diyos ang karunungan at katapangan upang ipangaral ang Kanyang salita sa kabila ng mga pagsubok na nararanasan mo sa tuwing ginagawa mo ito. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng biyaya upang mapagtagumpayan mo ang anumang pagtanggi na kakaharapin mo at bigyan ka ng mga tamang sasabihin sa tuwing ibinabahagi mo ang Kanyang salita.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Chrysse Manuel, Pastor Manny Muleta

victory.org.ph